

## Pahayag sa Pagkakapantay-pantay ng DES

Oktubre 2022

Noong, Marso 21, 2022, pinirmahan ni Gobernador Inslee ang Executive Order 22-04 na nagpapatupad sa Plano at Playbook na Pro-Equity Anti-Racism (PEAR, Para sa Pagkakapantay-pantay at Laban sa Racism) ng Estado ng Washington at nag-aatas sa lahat ng ahensiya ng gabinete na magtatag at magpatupad ng Estratehikong Plano ng Pagkilos para sa PEAR.

Sa Executive Order, ipinahayag ni Gobernador Inslee ang bisyong makabuo ng PEAR ecosystem sa estado ng Washington at ang kanyang hangaring makibahagi ang lahat ng ahensiya ng estado. Sa Department of Enterprise Services (DES, Kagawaran ng mga Serbisyong Pangnegosyo), kinikilala namin ang kahalagahan ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at ang pagsali sa bawat tao sa lahat ng aspekto ng aming trabaho upang maisakatuparan ang misyon naming “pagtibayin ang negosyo ng gobyerno.” Ito naman din ang tamang gawin.

Pangunahing priyoridad namin ang trabahong ito. Kahit na hindi na namin mababago pa ang mga kagawiang mapang-api at mapandiskrimina sa nakaraan, nasa kamay naman namin kung paano huhubugin ang kultura sa aming pinagtatrabahuhang lugar sa kasalukuyan at ang mga serbisyong ibinibigay namin sa mga pang-estado at lokal na gobyerno.

Ang Pamunuan ng DES, na nakikipagtulungan nang mabuti sa PEAR Team ng ahensiya, ay naninindigang makabuo ng mga kakayahan at kapasidad na kailangan upang magawa ang trabahong ito sa makabuluhang paraan. Iba-iba man ang aming mga tungkulin para sa marami naming linya ng negosyo, alam namin na dapat magampanan ng bawat isa ang kani-kaniyang papel para tiyaking nakikipagtulungan kami nang lubos sa aming mga customer at stakeholder.

### Aktibo rin naming isinusulong ang mga sumusunod na Pamumuhunan sa Linya ng Serbisyo

- Buuin at italaga ang aming **Estratehikong Plano ng Pagkilos para sa PEAR** sa mga Operasyon at Serbisyo sa Pamumuno upang masuportahan ang mga layunin sa pagkakapantay-pantay ng ahensiya, pati na rin ang mga layunin ng lahat ng iba pang ahensiya ng estado na sinusuportahan namin.
- Magtatag ng **stratehiya sa pakikipag-ugnayan sa komunidad** na tutulong para tiyaking nagkakaisa ang mga ahensiya at ang mga negosyo, at makagawa ng paraan para makipag-ugnayan at makipagtulungan sa komunidad tungkol sa PEAR.
- Gumawa ng mga **mekanismong susuporta sa maliliit na ahensiya** na pinaglilingkuran ng DES upang matulungan silang makapagtatag ng kapasidad sa pagsisimula ng mga stratehiya para sa PEAR na magdudulot ng positibong epekto sa kanilang mga customer at miyembro ng komunidad.

Umaasa akong maipagpapatuloy ko ang pakikipagsapalarang ito nang kasama ang bawat isa sa inyo, ang aming mga kaakibat, at ang Office of Equity (Tanggapan para sa Pagkakapantay-pantay). Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa akin, sa aming Punong Opisyal para sa Pagkakapantay-pantay na si Dr. Adrian Thompson, o sa sinumang miyembro ng Pamunuan ng DES para sa mga tanong o ideya.

Taos-puso,

Tara C. Smith  
Direktor